LEVEL CROSSING REMOVAL PROJECT

# Abiso sa mga pagtatrabaho

## Melton Station – mga 24/7 na patrabaho sa Setyembre

**Kami ay mag-aalis sa apat na mga mapeligroso at masikip na level crossing sa mga daanan ng Coburns, Exford at Ferris sa Melton, at sa Hopkins Road sa Truganina upang mawala ang Melton boom gate sa 2026. Kami ay gumagawa din ng isang makabago at madaling puntahang Melton Station.**

### Ano ang aming ginagawa

Kami ay nagtatrabaho ng 24 oras kada araw mula sa **ika-8 ng hapon, Biyernes ng ika-5 ng Setyembre hanggang ika- 4 ng umaga, Lunes ika-15 ng Setyembre** mula sa kanluran ng Coburns Road hanggang sa Cobblebank Station at sa loob at paligid ng rail corridor upang:

- gumawa ng mga rail bridge foundation at ng bagong Melton Station
- mga trabaho sa rail signalling
- alisin ang mga estraktura sa lugar ng Melton Station.

Magkaroon ng mga pagbabago sa paglalakbay sa paligid ng Melton Station mula sa **Sabado ika-6 ng Setyembre**. Tingnan ang mapa para sa mga karagdagang detalye.

Habang kinukumpleto namin ang mga trabahong ito, may mga buses na kahalili ng mga tren na maglalakbay sa pagitan ng mga estasyon sa Bacchus Marsh at Caroline Springs ng Ballarat, Ararat at Maryborough Lines mula sa **unang araw ng paggawa sa Sabado ika-6 ng Setyembre hanggang sa huling araw ng paggawa sa Linggo ika-14 ng Setyembre.**

Bisitahin ang **ptv.vic.gov.au** para sa karagdagang impormasyon at makapagplano sa iyong paglalakbay at mangyaring maglaan ng dagdag na oras sa paglalakbay.

### Saan at kailan kami magtatrabaho

| Lokasyon | Petsa at Oras | Aktibidad |
|---|---|---|
| **Exford Road** | **Mula sa ika-8 ng hapon, Biyernes ika-5 ng Setyembre hanggang sa ika-7 ng umaga, Huwebes ika-11 ng Setyembre** | • Ang Exford Road ay nakasara sa pagitan ng Brooklyn Road at Staughton Street<br>• May detour gamit ng Coburns Road<br>• Mananatili ang daanan ng mga pedestriano |
| **Sa loob ng Melton Station precinct** | **Mula ika-6 ng Setyembre** | • Mabubuksan ang pansamantalang estasyon sa hilagang banda ng riles<br>• Ang rail replacement coach bay ay ililipat sa may hilagang car park<br>• Masasarhan ang kasalukuyang Melton Station at ang station underpass nito<br>• Pansamantalang magsara ang parkingan ng hanggang 60 na kotse |
| **Sa rail corridor mula kanluran ng Coburns Road hanggang sa Cobblebank Station** | **Mula ika-12.40 ng umaga, Sabado ika-6 ng Setyembre hanggang sa ika-4 ng umaga, Lunes ika-15 ng Setyembre** | • Mga patrabaho sa rail signalling<br>• Paglalagay ng mga pundasyon ng rail bridge<br>• Mga patrabaho sa bagong Melton Station |

---

**levelcrossings.vic.gov.au**

1800 105 105 (Tumawag sa anumang oras)

contact@levelcrossings.vic.gov.au

Para sa mga wikang hindi Ingles, mangyaring tumawag sa telepono: 9209 0147.

Mangyaring kontakin kami kung gusto ninyong makuha ang impormasyon sa accessible format. Kung kailangan ng tulong dahil sa kahirapan sa pagdinig o pagsalita, bumisita sa **relayservice.gov.au**

VICTORIA'S BIG BUILD

VICTORIA State Government

## Ano ang inaasahan

- ang mga trabaho ay gagawin ng 24 oras kada araw
- maglalagay ng mga traffic detour at namamahala sa upang makatulong sa mga tsuper, pedestriano at nagbibisikleta
- magkakarooon ng mga karagdagang sasakyang pangkonstraksyon at mga trabahador sa lugar
- dadami ang ingay at paggalaw ng trapiko sa lugar
- May karagdagang mga ilaw para sa pagtatrabaho sa gabi
- pabugsu-bugsong pagsasara ng mga linya (lanes) at pansamantalang pagsasara ng mga parkingan sa loob at mga paligid ng Melton Station precinct.

Mangyari pong sundin ang mga paskin at tagubilin mula sa mga traffic controller sa lugar.


Mananatili ang mga daanan papunta sa mga negosyo at tahanan. Mangyaring magkaroon ng dagdag na panahon kapag naglalakbay sa lugar.

Gagawin namin ang aming lubos na makakaya na tapusin ang lahat ng mga trabaho ayun sa eskedyul; ngunit ang mga petsa at oras ay maaaring magbago.

## Mapa ng Detour



## Mapa ng Station Precinct




## Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa proyekto, bisitahin ang: **levelcrossings.vic.gov.au/melton**

Magpatala para sa mga bagong balita sa pamamagitan ng email sa: **levelcrossings.vic.gov.au/subscribe** at sa ibaba ng **Geelong–Ballarat–Melton Line**, piliin ang **Coburns and Exford roads, Melton.**

Kung kayo ay may mga tanong o gustuhin ng karagdagang impormasyon, mangyaring mag-email sa: **contact@levelcrossings.vic.gov.au** o tumawag sa **1800 105 105**, 24 oras kada araw, pitong araw kada linggo (palaging nakabukas).

Mainit na pagbati,

Proyekto sa pagkaalis ng Melton level crossing

### Para sa mga wika na hindi Ingles, mangyaring tumawag sa: 9209 0147

| | | | |
|---|---|---|---|
| **हिंदी – Hindi** | 9209 0147 | **Mga Tagalog – Tagalog** | 9209 0147 |
| **Việt Ngữ – Vietnamese** | 9209 0147 | **ਪੰਜਾਬੀ – Punjabi** | 9209 0147 |